

## Layunin

- Magtakda ng malinaw at hindi pabago-bagong panuntunan ng paguulat sa kapanahunan ng COVID-19.
- Iugnay ang mga patnubay sa pag-uulat ng FMPSD sa Alberta Education kasama dito ang malasakit at pang-unawa sa pangangailangan ng pantay pantay na pagtrato at para sa kapakanan ng mga estudyante, kanilang pamilya at mga kawani.

## Overview at background ng Alberta Education

- Ang klase sa mga paaralan sa Alberta ay nakansela noong ika-15 ng Marso,2020.
- Ang mga awtoridad ng paaralan ay nagbigay ng pagkakataon sa mga kindergarten hanggang grade-12 na mag-aral sa tahanan sa pamamagitan ng online, course packages, telephone check-ins at video conferencing.
- Tukuyin ng mga guro ang mahalagang kahinatnan at magplano ng aralin na makatwirang gagawin sa kanilang tahanan.
- Ang lahat ng Provincial Assessments para sa grades 6,9 at 12 ay kinansela ng Alberta Education.
- Para sa karagdagang kaalaman ukol sa mga nilalaman ng alituntunin ng Alberta Education ay maaaring sumangguni DITO.

## Instruksiyon

- Ang mga mag-aaral ay bibigyan ng mga araling tutugon sa mga mahahalagang resulta na kinakailangan upang makapasa at magpatuloy sa susunod na antas.
- Gumawa at pinaalam ng mga guro sa mga estudyante at pamilya ang malinaw na proseso ng tunay na pakikipagkomunikasyon. Ang mga estudyante ay susupportahan ng iaasahang pangkurikular.

## Malimitang Katanungan

1. **Ang klase ba ay nakansela?** Hindi. Ang mga guro ay patuloy pa rin sa pagtuturo sa mga estudyante nang walang pisikal na interaksyon.
2. **Anong mangyayari ngayon sa aming mga anak?** . Ang mga mag-aaral ay bibigyan ng mga araling tutugon sa mahalagang resulta upang makapasa at magpatuloy sa susunod na antas o kurso.
3. **Paano ang pakikipagkomunikasyon sa mga guro?** Nagsagawa ang mga guro ng malinaw na proseso at tamang oras ng pakikipagkomunikasyon, eto ay maiging ipapaalam sa mga estudyante at pamilya. Ang mga estudyante ay susuportahan ng inaasahang kurikulum. Ang pag-aaral sa bahay ay hindi madali, kaya ang ating mga guro ay desididong maging maluwag at gagawin lahat ang makakaya upang makatulong.
- 2 **Kanino makikipag ugnayan kung may katanungan sa mga takdang aralin?** Ang pag-aaral sa tahanan ay hindi madali, kaya ang ating mga guro ay desididong maging maluwag at gagawin lahat ang makakaya upang makatulong. Maaaring mag e-mail o tumawag sa guro o kaya'y tumawag sa school administrator kung kinakailangan.
4. **Paano makakamit ng mga mag-aaral ang inaasahang pinal na resulta para sa mga araling hindi pa naituro?** Ang ating School Division at mga kawani nito ay patuloy na gumagawa ng mga hakbang at estratehiya para matugunan ang anumang kakulangan sa pagbabalik-eskwela.
5. **Paano ang pagbibigay ng grado at pagsusuri sa “home learning content” ng mga guro?** Responsibilidad ng mga guro na suriin at ipagbigay-alam ang progreso ng mga mag-aaral kabilang ang pagtatalaga ng huling marka. Patuloy ang paggabay at pagtugon sa mga itinakdang aralin upang matiyak na may natututunan at nauunawaan ang mga mag-aaral. Ipinagkakatiwala sa propesyonalismo ng mga guro at pamunuan ng paaralan ang pagsusuri sa progreso ng mga mag-aaral, kahit anumang uri ng kapaligiran sa pag-aaral para matukoy ang nararapat na marka sa pinal na report kard.
6. **Kinakailangan bang magsulat ng Provincial Achievement Test (PAT) o Diploma Exam (DIP) ang mag-aaral na nasa grades 6,9 o 12?** Hindi. Ang PAT at DIP ay nakansela ngayong taon.

7. **Maaari bang piliing magsulat ng June Diploma Exam ang aking anak?**  
Hindi. Ang pasusulit ng Diploma sa June 2020 para sa pangkalahatang populasyon ng estudyante ay nakansela.

8. **Makapagpapatuloy ba ang aking anak sa sunod na antas?**

Makakapasa ang mga estudyante kung sila’y nasa bakas ng pagpasa mula noong ika 15, ng Marso, Ang mga mag-aaral na hindi pumasa mula noong makansela ang klase ay bibigyan ng pagkakataon na mapabuti ang kanilang marka sa pamamagitan ng pagkumpleto sa mga itinakdang aralin. Ang mga guro ay laging nakaantabay para talakayin ang progreso ng mga mag-aaral. Para sa mga katanungan, maaaring tumawag sa eskwelahan para sumangguni sa kanilang guro, school administrator, o school counselors (para sa estudyanteng nasa high school).

9. **Paano mamimili ng kurso ang mga estudyanteng nasa Grade 9 para sa high school?**

Ang mga guro at administrasyon ng paaralan ay tutulong at gagabay sa mga mag-aaral na makapagpapatuloy sa Grade 10. Ito ay para masiguro na malista ang mga kursong naaayon sa kanilang interes. Ang bawat paaralan ay magsisimula ng course selection mula May 11<sup>th</sup> at kumunsulta sa website ng eskwelahan para sa mga karagdagang kaalaman.

10. Makapagtapos kaya ang aking anak na nasa Grade 12? Oo, kung lahat ng mga kailangan para sa pagtatapos ng high school ay nakumpleto at nasumite. Ang mga guro ay nakatuon sa pagbibigay ng mga tools at suporta na makatutulong sa kanilang pagpasa at pagpatuloy sa post-secondary.

11. Ang bawat isang mag-aaral ba ay makatanggap ng final card? Oo, at ang nilalaman nito ay nakasalalay sa mga marka na natanggap ng mag-aaral.

Grades 7-9 Core English Language Arts French Language Arts Social Studies Science	Ang mga mag-aaral ay bibigyan ng oportunidad na mapahusay ang kanilang mga grado mula noong March 15 <sup>th</sup> .  Isusulong ng mga guro ang pagpasa ng mga araling itinakda bago kanselahin ang klase.
---	--

<p>Mathematics</p> <p>Grades 10-12</p> <p>Core</p> <p>English</p> <p>Language Arts</p> <p>French Language</p> <p>Arts</p> <p>Social Studies</p> <p>Science</p> <p>Mathematics</p> <p>Biology</p> <p>Chemistry</p> <p>Physics</p> <p>Science</p> <p>Required</p> <p>Courses for</p> <p>Graduation</p>	<p>Mahalaga na ang bawat estudyante ay magsumikap para matugunan ang mga itinakdang aralin. Lahat ng mga takdang aralin ay isusumite nang hindi lalagpas sa araw ng June 16.</p> <p>Ang pinal na pagsusulit sa PowerSchool ay papalitan ng “Learning at Home” at lahat ng aralin na itinakda pagkatapos ng March 15 ay isasali dito. Lahat ng guro na sakop ng Division ay magtutulong tulong sa pagsusuri sa bawat paksa sa pamamagitan ng pagggamit ng pangkalahatang rubrik.</p> <p>Para sa karagdagang puna, isang pangkahalatang puna na nagsasabing ang mga araling may <b>mahalagang resulta</b> lamang ang mga itinuro pagkatapos ng March 15th ay itatala sa report card ng lahat ng estudyante ng FMPSD.</p> <p>Walang magaganap na pinal na pagsusulit sa buwan ng Hunyo, sapagkat ang pagsusuri ay gagawin sa buong panahon ng pag-aaral sa bahay.</p>
<p>Grades 7-12</p> <p>CTS, non-core</p>	<p>Ang mga grado ay mababase sa marka mula March 15<sup>th</sup>. Ang mga mag-aaral ay may OPTION na paghusayin ang kanilang grado at makipag ugnayan sa mga guro para sa mga karagdagang gawain.</p>